Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100
Tel No.: (065) 212-5843
e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
17 FEB 2020
Date: ______ By: ______
RELEASED

Memorandum Pansangay
Blg. 070, serye 2020

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Elementarya at Sekundarya
Guro sa Filipino 3,4 at 9

Mula kay: **MA. LIZA R. TABILON EdD,CESO V**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: Pansangay Na Workshap Sa Pagsulat Ng Hulwarang Banghay-Aralin (Baitang 3,4 at 9)

Petsa: Pebrero 14, 2020

---

1. Bilang pagtugon sa hamon ng kontekstuwalisasyon at suporta upang mapadali ang gawain sa paglilinang ng aralin, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng **Pansangay Na Workshap Sa Pagsulat Ng Banghay-Aralin (**Baitang 3, 4 at 9) ngayong darating na **Abril 22-24, 2020** sa Top Plaza Hotel, Lungsod ng Dipolog. Magsimula ang gawain sa ikalawa ng hapon ng Abril 22 at matatapos sa ikalabindalawa ng tanghali ng Abril 24, 2020.

2. Ang workshap na ito ay naglalayong:
   a. makabuo ng modyul para sa mga banghay-aralin;
   b. masasanay ang kritikal na pag-iisip ng mga kabataan;
   c. may magagamit na lunsarang gawain sa pagtuturo ang mga guro; at
   d. malilinang ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa mga kasanayang tinataya sa *National Achievement Test*.

3. Ang mga kalahok sa naturang workshap ay 36 na guro ng Baitang 3, 36 na guro ng Baitang 4 at 30 guro ng Baitang 9. *Live out* ang palihan na ito. **Kalakip Blg 1** ang Listahan ng mga kalahok sa Memorandum na ito.

4. Pinakikiusapan ang mga kalahok na sisimulan ang paggawa ng banghay-aralin na magbabatay mula sa halimbawa na kalakip dito bago pa man darating ang palihan upang sa pagdating sa venyu ay maipasa ang *hard* at *soft copy* sa *Quality Assurance* (QA) Team at hindi mahirapan ang guro na mangalap ng mga lunsarang babasahin,*worksheets* at iba pang kagamitan para sa pangkatang gawain na gagawin ng guro sa paglilinang ng aralin.

5. Higit na inaasahan ang pakikipagtulungan at pag-unawa ng mga gurong kalahok sa gawaing ito.

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

6. May layuning nakatakda para sa bawat kalahok. Malaya ang mga kalahok na bubuo ng sariling mga gawain gamit ang (*graphic organizers*,palaisipan,laro, talangguhit, simbolo at iba pa) sa paglilinang ng aralin at pumili ng angkop na mga pamamaraan at kagamitan. Iba ang gagamiting babasahin sa paglilinang ng aralin sa babasahing gagamitin sa ebalwasyon. Ang ebalwasyon naman ay nakaayon sa makabagong Bloom's Taxonomy at may **limang aytem** na pagsusulit na may apat na pagpipilian. Hindi na kasali sa pagbuo ng aytem ang antas na kaalaman.

7. Dalawang sertipiko ang tatanggapin ng mga kalahok sa gawaing ito: 1)Sertipiko Ng Paglahok at 2) Sertipiko Ng Pagkilala bilang tagasulat ng Hulwarang Banghay-Aralin na gagamitin ng buong sangay sa susunod na pasukan.

8. Pagkalooban ng tatlong (3) araw na *service credit* ang mga kalahok dahil sa mataon sa bakasyon ang nasabing workshap ng mga guro.

9. Ang Talaan ng mga layunin na gagawan ng hulwarang banghay-aralin ng bawat kalahok at ang kani-kanilang takda ay **kalakip Blg.2** ng Memorandum na ito.

10. Kalakip din nito ang halimbawa ng Hulwarang Banghay-Aralin.

11. Ang gastusin sa dalawang pananghalian ng mga kalahok at Komite, *materials* at *supplies*, sertipiko at iba pang *incidental expenses* ay kukunin mula sa pondo ng Sangay samantalang ang akomodasyon, agahan at hapunan sa loob ng dalawang araw at ang pamasahe ng mga kalahok mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa School MOOE na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

12. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
SEMINARS
CURRICULUM
LESSON PLANNING
LEARNING AREA, FILIPINO

**Kalakip Blg 1 ng Memorandum Blg. 070 serye 2020**

**LISTAHAN NG MGA KALAHOK**
**SA**
**PANSANGAY NA WORKSHAP SA PAGSULAT**
**NG HULWARANG BANGHAY-ARALIN**
**(Baitang 3 at Baitang 4)**
**Abril 22-24, 2020- Top Plaza Hotel**

| Distrito | Pangalan (Baitang 3) | Pangalan (Baitang 4) |
|---|---|---|
| 1. La Libertad | Brenda O. Becoy | Merasol P. Caspe |
| 2. Rizal | Rogelyn Bugas | Ronel Pasco |
| 3. Sibutad | Felix Taruc | |
| 4. Polanco I | Gracel Pancho | Elvira Dayrit |
| 5. Polanco II | Lolita Busarang | Maryflor Laurgue |
| 6. Piñan | Alicia A. Dimagnaong | Chita Sagin |
| 7. Mutia | Emmie P. Basong | Evergeilyne P. Villanueva |
| 8. Sergio Osmeña I | Glen Rosales | Jessa Erika P. Elopre |
| 9. Sergio Osmeña II | Shirley Mellorida | Emma Imperial |
| 10. Katipunan I | Rosalie L. Mariño | Analyn B. Bohol |
| 11. Katipunan II | | Vivian B. Tagapa |
| 12. Roxas I | Marisa Suasula | Ma. Juvy Fernandez |
| 13. Roxas II | Jusaneth M. Randes | Camela S. Gerzon |
| 14. Manukan I -East | Martina A. Jatico | Raul E. Dalmacio |
| 15. Manukan II | Ma. Krizza Reizl Ruiz | Jocelyn R. Camelotes |
| 16. Ponot | Nenita L. Opsar | Iris S. Cagatan |
| 17. Sindangan North | Melinda Tabasa | Norlyn Planteras |
| 18. Sindangan Central | Soraida Laputan | Dorilyn Forrosuelo |
| 19. Sindangan South | Ma. Linda B. Cañete | Juliet Dagondong |
| 20. Siayan | | |
| 21. Bacungan | Rowena Labidor | |
| 22. Godod | Josephine Montero | |
| 23. Tampilisan | Aubrei Jane Luciana | Honey Rizza D. Deguilmo |
| 24. Liloy I | Sherly R. Lubrido | Jocelyn M. Escuadro |
| 25. Liloy II | Evangeline Caperig | Janent P. Palubon |
| 26. Salug I | Analie Bastasa | Cheryl Matila |
| 27. Salug II | | |
| 28. Kalawit | Hermie S. Manayon | Jho-an Acas |
| 29. Labason | Melesa B. Bacolod | Helen M. Diliman |
| 30. Gutalac I | Prospera S. Lihaylihay | Elsa Planteras |
| 31. Gutalac II | | Irene Alberastine |
| 32. Baliguian | Arlyn D. Tingot | Lillian G. Sollano |
| 33. Siocon | Erlie C. Onglas | Marilyn Pantaleon |
| 34. Sirawai | Jackylyn Hagonoy | Alma Tiblani |
| 35. Sibuco | | |
| 36. Katipunan I & II | Annalisa W. Amaro | Ana Liza Noel |

Kalakip Blg 1 ng Memorandum Blg. 070 serye 2020

**LISTAHAN NG MGA KALAHOK**
**SA**
**PANSANGAY NA WORKSHAP SA PAGSULAT**
**NG HULWARANG BANGHAY-ARALIN**
**(Baitang 9)**
**Abril 22-24, 2020- Top Plaza Hotel**

| Blg. | Pangalan | Paaralan |
|---|---|---|
| 1 | Jennifer Sevilla | Siocon NHS |
| 2 | Almansar Samsarani | Julian Soriano MCHS |
| 3 | Churchel Awal | Balakan NHS |
| 4 | Rosalie Cababat | Baliguian NHS |
| 5 | Rosanna C. Boniao | Gutalac NHS |
| 6 | Cornelia M. Bacordo | Liloy NHS |
| 7 | Limmuel B. Agapay | Mutia NHS |
| 8 | Estela B. Labadlabad | La Libertad NHS |
| 9 | Irish Montimor | Polanco NHS |
| 10 | Jackie Lou P. Willemstein- | Silawe NHS |
| 11 | Lailane B. Caluscosan | Rizal NHS |
| 12 | Fatima Labucay | Katipunan NHS |
| 13 | Rizal Abal | Sergio Osmeña NHS- Marapong Ext. |
| 14 | Emma P. Tormis | Piñan NHS |
| 15 | Irish U. Dinopol | Manukan NHS |
| 16 | Michelle Chenchilly Retes | Bartolome Aripal MNHS |
| 17 | Lindelyn B. Calago | Don Jose Aguirre NHS |
| 18 | Ma. Flora Mae C. Reyes | Ponot NHS |
| 19 | Benadeth Gilbero | Langatian NHS |
| 20 | Ana T. Moratalla | Siari NHS |
| 21 | Bernadette Antaboc | Sindangan NHS |
| 22 | Mary Christine B. Paguican | Bacungan NHS |
| 23 | Kim M. Brigole | Talinga NHS |
| 24 | Zaira Mae V. Bunac | Tampilisan NHS |
| 25 | Roche Labad | Godod NHS |
| 26 | Joseph L. Barte | Marupay NHS |
| 27 | Albina Wahab | Sirawai NHS |
| 28 | Genevieve R. Lerin | Manawan NHS |
| 29 | Maricris M. Silvano | Dumalogdog NHS |
| 30 | | Sindangan NAS |
| 31 | Lorena C. Vallecer - Komite | Bartolome Aripal MNHS |

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

# HULWARANG BANGHAY-ARALIN
# FILIPINO 3

I. Layunin

Napagsunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan.
F3 PN-IVe-8

II. Paksang-Aralin

Pagsunod-sunod Ng Mga Pangyayari Sa Kuwentong Napakinggan
Mga Kuwento: 1. Hindi Nag-iisip , pahina 24
2. Ang Batang Babae At ang Uod, pahina 61
Sanggunian: Kalipunan Ng Mga Maikling Kuwento, pahina 24 at pahina 61
Gabay Pangkurikulum pahina 59, Linggo 5
Mga Kagamitang Ihahanda: Larawan ng balon; larawan para sa pangganyak; para sa pangkatang gawain (mga larawan), script para sa pagsasadula o kopya ng kuwento para sa mga magsasadula at mga istrip ng mga mahalagang pangyayari sa kuwento.


III. Pamamaraan

1. Bago makinig

**A. Pagganyak**

Pag-aralan natin ngayon ang isang kuwento na magbibigay sa atin ng aral na kung gaano kahalaga ang mag-isip bago pa man gagawa ng isang bagay.

Tingnan ang larawan.



Ano kaya ang pinag-usapan ng dalawang hayop?
Masaisip ba natin ang maaaring mga kaganapan ng kuwentong mapakinggan ninyo ngayon?
Mahulaan ba natin ang simula ng kuwento?
Paano kaya nagwawakas ang kuwento?

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100
Tel No.: (065) 212-5843
e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**B. Pag-alis ng Sagabal:**

Salungguhitan ang angkop na pangalan ng nasa larawan.

**1. batis sapa damuhan balon**




Pangungusap: Nag-igib kami ng tubig mula sa balon.

2. Naranasan namin noon ang pitong buwang **El niño.**

A. Tag-ulan C. Maulan
B. Taglamig D. Tagtuyot

**C. Pagbibigay Ng Pangganyak Na Tanong:**

Pag-aralan natin ngayon ang kuwentong "Hindi Nag-isip" na magbibigay sa atin ng aral na kung gaano kahalaga ang mag-isip bago pa man gagawa ng isang bagay. Nahulog si Maxi sa balon at nadaanan ito ni Kambing, may ginawa si Maxi na nagbunga ng pagtalon ni Kambing sa balon. Gusto ba ninyong malaman kung ano ang ginawa ni Maxi? Ano-anong gusto ninyong malaman tungkol sa kuwento?

1. Ano ang ginawa ni Maxi kay Kambing?
2. Bakit tumalon si Kambing sa balon?

**D. Pamantayan Sa Pakikinig:**

1. Ano-anong dapat nating tandaan habang nakikinig sa kuwento?
2. Pakikinig

**E. Pakikinig sa Kuwento- Babasahin ng guro ang kuwento.**

Habang nagbabasa ang guro ay hikayatin ang mga mag-aaral na magtala ng mga mahalagang pangyayari sa kuwento sa kanilang papel. Kasali sa paghahanda ng guro sa pagtatalakay ng kuwento ang paggawa ng mga istrip na nakasulat ang mga mahalagang pangyayari sa kuwento bilang lunsarang gawain/pangkatang gawain ng mga mag-aaral, mga larawan ng mga pangyayari at ang paghahanda ng pangkat ng mga mag-aaral na magsasadula ng mga bahaging mahalaga sa kuwentong pakikinggan. Bago pa magsimula ang klase, ang pangkat ng mga mag-aaral na magsasadula ay naihanda na ang kanilang *script* o kopya ng kuwento upang magamit ng mga mag-aaral na magsasadula ng kuwento.

Tatlong pangkat ng mga mag-aaral:

1) gamit ang mga istrip na nakasulat ang mga pangyayari sa kuwento.
2) gamit ang mga larawan ng mga pangyayari sa kuwento
3) gamit ang *script* o kopya ng kuwento sa pagsasadula ng kuwento

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100
Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

# Hindi Nag-isip

(Mula sa Kalipunan Ng Mga Maikling Kuwento pahina 24)

Napakalikot ng asong si Maxi kaya nahulog sa isang balon. Tumalon siya nang tumalon ngunit hindi niya makayang maabot ang ibabaw para siya makaahon.

May nagdaang isang Kambing. Napadungaw ito sa balon at nang makita ang aso ay nagtanong," Bakit ka nariyan? Ano ang ginagawa mo diyan?"

"Aba, hindi mo ba nabalitaan? Ngayon daw ay ang tinatawag na El Niño. Mauubos daw ang tubig at matutuyo ang mga lupa. Kaya nagsiguro na ako rito sa balon. Marami-rami pa ang tubig dito at ako'y hindi mauuhaw sa mahabang panahon."

"Ganoon ba?" tanong uli ng Kambing "Maaari ba akong sumama diyan sa iyo?"

"Aba, oo. Talon ka na agad at baka naunahan ka pa ng iba," yaya ni Maxi.

Dagling tumalon ang Kambing, ang aso nama'y biglang tumuntong sa kanyang likod at mula roon ay nakayang luksuhin ang labi ng balon.

Nang nasa ibabaw na siya, dumungaw sa Kambing na nasa ilalim ng balon at nagsabi, "Sa susunod, kailangang isipin mo muna ang isang bagay bago gawin. Hindi mo ginagamit ang isip mo kaya nariyan ka ngayon."

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

3. Pagkatapos Makinig

**F. Pagsagot sa Pangganyak Na Tanong**

**G. Mga Tanong Sa Pagtatalakay**

1. Bakit nahulog si Maxi sa balon?
2. Paano nahikayat ni Maxi ang Kambing na tumalon sa balon?
3. Gaano kahalaga ang pag-isipan muna ang gagawin bago ito gawin?

**H. Paglilinang Ng Kasanayan:**

Pangkatin ng guro sa tatlo ang mga mag-aaral:

**Unang Pangkat**

Iaayos ang mga nakasulat sa istrip ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Nakaahon mula sa balon si Maxi.
2. Tumalon sa balon si Kambing.
3. "Talon ka na agad at baka maunahan ka ng iba," yaya ni Maxi..
4. Dumungaw si Maxi sa Kambing.
5. Nagtanong ang Kambing, "Bakit ka nandiyan?".
6. Biglang tumuntong sa likod ni Kambing si Maxi.

A. 4-2-3-1-6-5
B. 4-3-2-5-6-1
C. 4-6-1-3-2-5
D. 4-5-3-2-6-1

**Pangalawang pangkat**

Ayusin ang mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

1. Larawan na nakaahon mula sa balon si Maxi
2. Larawan na nakaahon tumalon sa balon si Kambing
3. Larawan na hinikayat ni Maxi si Kambing sa pagtalon
4. Larawan na dumungaw si Maxi sa Kambing
5. Larawan na nagtanong ang Kambing sa aso.
6. Larawan na nakatuntong sa likod ni Kambing si Maxi.

A. 4-2-3-1-6-5
B. 4-3-2-5-6-1
C. 4-6-1-3-2-5
D. 4-5-3-2-6-1

**Pangatlong Pangkat:**

**Pagsasadula sa kuwento**

Sa kanilang pagsasadula kailangan ding malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Puwedeng iba iba ang mga bata na gaganap sa mga kaganapan ng kuwento kahit dalawang hayop lamang ang gunaganap na mga mahalang nagsiganap sa mga pangyayari ng kuwento.

Bago ang pagsasadula, kailangan mabuo ang rubriks na pagkasunduan ng mga mag-aaral sa tulong at gabay ng guro.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

Mungkahi: Upang maayos na magampanan ng mga mag-aaral ang kani-kanilang papel sa pagsasadula ay maaaring ihanda na sila rito nang maaga bago pa man ang pakikinig sa kuwento.

**I. Pagpapahalaga: - 2 minuto**

Bakit kailangan pag-isipan muna natin ang isang bagay bago gawin? Paano natin maisabuhay ang wastong pagtitimbang ng mga bagay/gawain?

Sagot: Kailangan nating pag-isipang mabuti bago gawin ang isang bagay upang magtagumpay sa buhay.

**IV. Ebalwasyon: 15 minuto**

Panuto: Pakinggang mabuti ang bawat kuwento at pagkatapos ay ayusin ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod nito sa kuwento.

## 1. Ang Batang Babae At Ang Uod

Noong unang panahon, may isang batang babae na gustong-gusto sumayaw. Palagi siyang sumasayaw sa bahay pero hindi siya magaling.Isang araw, dumungaw siya sa bintana at tumingin lang siya sa halaman noong nakita niya ang isang uod. Sinabi ng uod na tuturuan niya ang babae kung paanong magsayaw kung ipangako niyang hahalikan niya ang uod pagkatapos ng mga klase. Duda ang babae pero umoo pa rin siya.

1. Duda ang babae na tuturuan siya ng uod ng sayaw.
2. Gustong-gustong sumayaw ng babae.
3. Dumungaw siya sa bintana.
4. Nangako ang uod sa kanya.

A. 2-3-4-1 C. 2-1-3-4
B. 2-4-3-1 D. 2-1-4-3

2.

**Pagtupad Sa Pangarap**
*Modesta R. Jaurigue*

Bata pa lamang si Marlon ay pangaarap na niyang makapagtapos ng kursong inhinyero. Bagama't, ulila sa mga magulang ay hindi ito naging hadlang upang ipagpatuloy niya ang kaniyang pag-aaral. Nagtatrabaho siya sa yelohan sa piyer simula dapit hapon hanggang alas 8:00 ng gabi at babalik ng alas 4:00 ng madaling araw hanggang alas 6:00 ng umaga.

1. Nagarap si Marlon na maging inhinyero.
2. Babalik siya sa trabaho mula 4:00 hanggang 6:00 ng umaga.
3. Ang pagka-ulila niya sa magulang ay hindi hadlang sa kanyang pag-aaral.
4. Nagtatrabaho siya sa yelohan sa piyer simula dapit hapon hanggang alas 8:00 ng gabi.

A. 1-4-3-2 C. 2-1-3-4
B. 1-3-4-2 D. 2-1-4-3

Mga Kasagutan:

1. A
2. B

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

3. **Hindi Nakinig Sa Ina**

May isang gamugamo na may maliit na anak. Isang gabi, sa loob ng isang bahay may nakitang ilaw na may sindi si Maliit na Gamugamo. Gustong-gusto niyang lumapit ditto ngunit binawalan siya ng kanyang ina.

"Anak, huwag kang lalapit sa apoy. Masusunog ang iyong pakpak!" wika ni Inang Gamugamo. "Maganda ang apoy, ina! Gusto ko pong mahipo ang apot," ang sagot ni Maliit na Gamugamo. "Huwag anak at baka ikaw ay masunog!" sigaw ng ina sa anak na papalapit na sa ilaw. Lumipad nang lumipad ang Maliit na Gamugamo sa paligid ng apoy. Lumapit siya sa apoy. Nasunog ang kanyang pakpak.

1. Nasunog ang pakpak ng Maliit na Gamugamo.
2. Lumipad nang lumipad ang Maliiit na Gamugamo.
3. "Anak, huwag kang lalapit sa apoy.
4. May isang gamugamo na may maliit na anak.

A. 4-1-3-2 C. 4-3-2-1
B. 4-3-1-2 D. 4-1-2-3

4. **Ang Inahin At Limang Sisiw**

Isang araw may isang inahin na naghahanap sa kanyang nawawalang limang sisiw. Sa kalalakad niya, siya ay nauhaw at nakakita ng pitsel na may tubig. Malalim ang sisidlan , makipot ang bunganga kaya nahihirapan siyang uminom. Sa isang iglap naisip niya ang tanging kasagutan upang matugunan ang kanyang pagkauhaw. Nagpabalik-balik siya sa paglagay ng munting bato hanggang umabot ang tubig sa makitid na bunganga ng pitsel.

1. Hinanap ng inahin ang nawawalang limang sisiw.
2. Nauhaw ito at nakakita ng pitsel ng tubig.
3. Makipot ang bunganga nito kaya nahihirapan siyang uminom.
4. Naglagay ng mga munting bato sa pitsel ang inahin.

A. 1-4-3-2 C. 1-3-2-4
B. 1-3-4-2 D. 1-2-3-4

5. **Ang Magkaibigan**

Sina Grace at Lucy ay naglalaba sa ilog. Maya-maya dumating ang kanilang pinsan na si Joseph na may dalang Lanzones at gustong maligo sa ilog. Dumating din ang kanyang tatlong kaibigan na sina Aida, Lorna at Fe na may kanya-kanyang dala-dalang labahan. Pagkatapos nilang maglaba, silang lahat ay masayang naligo sa ilog.

1. Naglalaba sa ilog sina Grace at Lucy.
2. Masayang naliligo sa ilog silang lahat.
3. Dumating din sina Aida, Lorna at Fe.
4. Dumating ang kanilang pinsan.

A. 1-4-3-2 C. 1-3-2-4
B. 1-4-3-2 D. 1-2-3-4

Mga Kasagutan:

1. A 3. C 5. B
2. B 4. D

NAT-LIKE AYTEM = IKAAPAT NA MARKAHAN = FILIPINO 6

1. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. (F6PB-IVb-10) (PAGLALAPAT)

Basahing mabuti ang sanaysay at sagutin ang kasunod na tanong.

> May panahon noon na mapapansing halos lahat ng mga bakuran at likod-bahay ay may mga tanim na gulay. Dahilan ito sa isang proyektong inilunsad upang makasapat ang mga gulay sa pangangailangan ng mga mamamayan. Naging mura ang halaga ng mga gulay sa pamilihan at ang karamihan ay nagkaroon ng pagkakataong makabili ng gulay na kailangan lalo na ng mga batang lumalaki.
>
> Samakatuwid, kung may mga bakanteng lote o walang tanim na mga bakuran, makabubuting tamnan ang mga lupang ito. Mapalad ang Pilipinas sapagkat may matabang lupa at magandang klima rito. Walang dahilan upang hindi makapagpatubo ng gulay sa bakuran ang mga mamamayang may bakanteng lupang mapagtamnan.

Bukod sa pagkakaroon ng sapat at masusustansyang gulay na ating kailangan, ano pa ang maidagdag mo para sa kabutihang naidudulot ng pagtatanim ng gulay batay sa iyong karanasan?

A. pagdami ng gulayan
B. malulusog ang mga kabataan
C. pagiging maganda ng bakuran
D. pagbaba ng halaga ng mga gulay

2. Nasasabi ang paksa ng binasang sanaysay. (F6PB-IVb-10)-(PAG-UNAWA)

Basahin ang sanaysay at sabihin ang paksa nito.

> Ang malalakas na bisig ng mga kabataan ang makatutulong sa pagpa-unlad ng lipunan. Dapat na nakahanda ang kabataang Pilipino na ibigay ang abot ng kanilang makakaya para sa ikagagaling ng kanilang Inang Bayan.
>
> Kailangang ang kabataan ay buong pusong makilahok sa pagtatag ng maunlad na lipunan. Tinatawagan sila na tumulong sa pagpapaunlad ng mga nayon at iba pang lugar na nangangailangan, sapagkat sa mga lugar na ito lalong kapaki-pakinabang ang kanilang malalakas at matitipunong mga bisig at ang kanilang pagkamakabayan.

Aling pangungusap ang nagsasabi ng kabuuan ng sanaysay?


A. Kailangan ang mga kabataan sa pagpapaunlad ng mga nayon at nangangailangang lugar.
B. Kailangang makapasyal ang mga kabataan sa mga lalawigan.
C. Kailangang pumunta ang mga kabataan sa nayon.
D. Kailangang umiikot sila sa pamayanan.

3. Nabibigyang kahulugan ang idyoma o matalinghagang salita.(F6PT-IVe-4.4)

Diplomasya at hindi kamay na bakal ang paraan ng guro sa pakikitungo sa mga may kasalanan. Ano ang kahulugan ng sinasalungguhitang parirala?

A. matigas ang kamay
B. marahas na paraan
C. mabigat ang kamay
D. madaliang paraan

4. Nakagagawa ng patalastas at usapan gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita. (F6WG-IVb-1-10) (PAGBUBUO)




Mula sa larawan, anong patalastas ang maaari nating buuin?

A.
Bigatin ang halaga!
Sa dami magpahalaga
Halina at bili na talaga
Sa surf at wala ng iba pa.

B.
Maglinis
Maglaba
Magpahalaga
Sa Tuwi-tuwina

C.
Bili na
Sa kinakailangan
Andito lang sa tumana
Sa mga bata paglaruan

D.
Heto na
Mga bata naglaro
Iba't iba ang baro
Ng kanyang mga kalaro.

5. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.
(F6PB-IVi-3.2.2)

Basahin ang kuwento at pagkatapos ay ayusin ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

**Ang Walang Utang Na Loob**

Isang umaga, si Lou, ang isang aso ay nakakita ng isda sa may lawa. Agad niya itong sinagpang . Isang munting buto nito ang tumusok sa kanyang lalamunan. Hindi maalis-alis nito ang buto. Naging napakasakit at sa tindi ng sakit at paghihinagpis, siya ay umatungal nang malakas.

Maghapon itong naglakad sa gubat. Naghanap ng maaring makapag-alis ng buto sa kanyang lalamunan. Isa man sa kanyang nilapitan ay walang makatulong. Alas tres na ng hapon nang makausap nito si Candy, isang uri ng ibon sa ilalim ng puno ng akasya. Si Candy ay may mahabang tuka at alam ni Lou na ito rin ay mabait.

Paluhod pang nangako si Lou na aalisin lamang ni Candy ang buto sa kanyang lalamunan ay ibibigay nitong lahat ang kanyan g ari-arian. Madali namang nahabag si Candy at sinabi nitong susubukin niyang alisin ang buto. Humiga si Lou sa may batuhan at ibinuka nito nang husto ang kanyang bibig. Dahan-dahang ipinasok naman ni Candy ang kanyang mahabang tuka upang maabot ang maliit na buto sa lalamunan ni Lou.

Nang maalis ang buto sa lalamunan ni Lou, hiningi ni Candy ang kanyang gantimpala. Humalakhak si Lou nang malakas at inilabas ang kanyang matatalim na pangil at sinabi " Magpasalamat ka at hindi kita kinain nang ipasok mo ang iyong maliit na ulo sa aking bibig."

Ay, naku! "ang sinumang nasa kagipitan nga naman, ang sumpa't pangako'y walang katapusan."

Buuin ang mga pangyayari ayon sa wastong pagkasusunod-sunod nito sa kuwento.

| 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|
| Nagkausap sina Candy at Lou. | Nakakita ng isda si Lou sa may lawa. | Nakadama ng matinding sakit si Lou. | Nahabag si Candy At inalis ang buto sa lalamunan . |

A. 2-1- 4-3
B. 1-2-3- 4
C. 2-3-4-1
D. 2-3-1-4

**MGA KASAGUTAN**

1. C - Paglalapat
2. A - Pag-unawa
3. B - Pagsusuri
4. A - Pagbubuo
5. D - Pagbubuo

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

## BAITANG 3

**1. Gramatika (Kayarian ng Wika)- Brenda O. Becoy**
**F3WG-Ia-d-2**
Nagagamit ang pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid
**2. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)- Rogelyn Bugas**
**F3PB-Ia-1**
Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan.
**3. Pagbasa (Kamalayang ponolohiya)- Felix Taruc**
**F3KP-Ib-f-8**
Natutukoy ang mga salitang magkakatugma.
**4. Estratehiya ng pag-aaral- Gracel Pancho**
**F3EP-Ib-h-5**
Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon.
**5. Pag-unalad ng talasalitaan- Lolita Busarang**
**F3PT-Ic-1.4**
Nakakaga mit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita paggamit ng mga palatan daang nagbibigay ng kahulugan (kasingkahulugan)
**6.Pagsasalita (Wikang Binibigkas) -Alicia Dimagnaong**
**F3PS-Ib-12.5**
Nagagamit ang magalang na pananalita na angkop sa sitwasyon (pagbati, pakikipag–usap, paghingi ng paumanhin)
**7. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa) - Emmie P. Basong**
**F3PB-Id-3.1**
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa (kuwento)
**8. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Glen Rosales**
**F3WG-Ie-h-3**
Nagagamit sa usapan ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya)
**9. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-Rudynina Meralles**
**F3PBH-Ie-4**
Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)
**10. Pagsasalita (Wikang Binibigkas)- Rosalie L. Mariño**
**F3PS-If-12**
Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon pakikipag usap sa matatanda at hindi kakilala.
**11. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng wika) –Kalahok mula ng Katipunan 2**
**F3WG-Ie-h-3**
Nagagamit sa usapan ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao kami,tayo,kayo,sila
**12. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-Marisa Suasula**
**F3PBH-If-3.2**
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang tekstong pang-impormasyon.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**13. Pagbasa(Pag-unlad ng talasalitaan)-Jusaneth M. Randes**
**F3PT-Ic-1.5**
Nakakaga mit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatan daang nagbibigay ng kahuluga han (kasalungat).
**14. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng wika) –Kalahok mula ng Manukan I**
**F3WG-Ie-h-3.1**
Nagagamit ang panghalip bilang pamalit sa pangngalan may panandang ang (ito/iyan/iyon).
**15. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-Ma. Krizza Reizsl Ruiz**
**F3PB-Ih-14**
Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento.
**16. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-Kalahok mula ng Ponot**
**F3PT-Ij-2.3**
Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paggamit ng magkasingkahulugan at magkasalungat na mga salita.
**17. Pagbasa (Palabigkasan at pagkilala ng salita) – Melinda Tabasa**
**F3PP-IIc-d-2.3**
Nababasa ang mga salitang may klaster.
**18.Pagbasa (Pag-unlad ng Talasalitaan)- Soraida Laputan**
**FPT-IId-1.7**
Nakakaga mit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga pala tandaang nagbibigay ng kahuluga han (katuturan o kahulugan ng salita)
**19.Pagsasalita (Kayarian ng wika)-Ma. Linda B. Cañete**
**F3WG-IIg-j-3.1**
Nagagamit ang panghalip bilang pamalit sa pangngalan anyong ng (nito/niyan/ (noon) niyon).
**20. Pagbasa(Palabigkasan at pagkilala ng salita)- kalahok mula ng Siayan**
**F3PP-IIc-j-2.3;e-g-2.4**
Nababasa ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas.
**21. Pagsasalita (Gramatika) –Rowena Labidor**
**F3WG-IIIa-b-6**
Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar at pangyayari.
**22. Pagbasa (Pag-unawa sa binasa) –Josephine Montero**
**F3PB-IIIa-1**
Naiuugnay ang sariling karanasan sa binasa.
**23. Pagsasalita(Gramatika-Kayarian ng wika)-Aubrei Jane Luciana**
**F3WG-IIIa-b-6**
Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar at pangyayari ano, sino, saan, ilan, kalian, ano- ano, sino-sino.
**24.Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng wika)-Sherly R. Lubrido**
**F3WG-IIIcd-4**
Nakapaglalarawan ng mga tao at hayop sa pamayanan.
**25.Pagbasa (Kaalaman sa aklat at Limbag) – Evangeline Caperig**
**F3A-IIIcj-14.4**
Naikukumpara ang mga aklat sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba batay sa tema.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100
Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**26.Paagbas(Pag-unalad ng Talasalitaan)- Analie Bastasa**
**F3PT-IIIci-3.1**
Natutukoy ang kahulugan ng mga tambalang salita na nananatili ang kahulugan.
**27. Estratehiya sa Pag-aaral – Kalahok mula ng Salug II**
**F3EP-IIIc-e-2.3**
Nabibigyang-kahulugan ang graph.
**28.Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Hermie S. Manayon**
**F3WG-IIIc-d-4**
Nakapaglalarawan ng mga bagay at lugar sa pamayanan.
**29. Pagbasa(pag-unlad ng Talasalitaan)-Melesa B. Bacolod**
**F3PT-IIId-h-2.1**
Napagyayaman ang talasalitaan sa pamama gitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita.
**30.Pagbasa (Pag-unawa sa Binasa)-Prospera S. Lihaylihay**
**F3PB-IIId-10**
Nasasabi ang paksa o tema ng binasang teksto.
**31. Pagbasa (Pag-unlad ng Talasalitaan)- Kalahok mula ng Gutalac II**
**F3PT-IIIg-1.10**
Nakakagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan (pormal na depinisyon ng salita).
**32. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Arlyn D. Tingot**
**F3WG-IIIi-j-7**
Nagagamit nang wasto ang pang-ukol (laban sa, ayon sa, para sa, ukol sa)
**33. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Erlie C. Onglas**
**F3WG-IIIi-j-7**
Nagagamit nang wasto ang pang-ukol (laban sa, ayon sa, para sa , ukol sa, tungkol sa).
**34. Pagsasalita (Kamalayang Ponolohiya) –Kalahok mula ng Sirawai**
**F3KP-IIIh-j-11**
Nagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang klaster (Hal. blusa, gripo, ).
**35. Pagbasa-(Pag-unawa sa binasa)- Kalahok mula ng Sibuco**
**F3PB-IIIi-14**
Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento.
**36.Pagsasalita (Kamalayang Ponolohiya) – Annalisa W. Amaro-Katipunan I**
**F3KP-IVi-11**
Napagsasama ang mga katinig at patinig upang makabuo ng salitang may diptonggo.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**BAITANG 4**

**1.Pagsasalita (Wikang Binibigkas)-Merasol P. Caspe**

**F4PS-Ia.12.8**

Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon tulad ng pagbili sa tindahan.

**2. Pagsasalita (Gramatika- Kayarian ng Wika)-Ronel Pasco)**

**F4WG-Ia-e-2**

Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan sa pagsasalita tungkol sa – sarili; - ibang tao sa paligid.

**3.Pagbasa-Pag-unalad ng Talasalitaan)-Kalahok mula ng Sibutad**

**F4PT-Ia-1.10**

Nabibigyang kahulugan ang salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon.

**4. pagbasa(Pag-unawa sa binasa)-Elvira Dayrit**

**F4PB-Ia-97**

Natutukoy ang mga elemento ng kuwento- tagpuan - tauhan - banghay

**5.Pagbasa(Pag-unawa sa binasa)-Maryflor Laurgue**

**F4PB-Ia-d-3.1**

Nasasagot ang mga tanong sa binasang tekstong pampanitikan - kuwento

**6.Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan)-Chita Sagin**

**F4PT-Ig-1.4**

Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan – kasingkahulugan

**7.Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Evergeilyne P. Villanueva**

**F4WG-Ia-e-2**

Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan sa pagsasalita tungkol
- sa sarili sa mga tao,sa mga hayop sa paligid - sa lugar, bagay at pangyayari sa paligid

**8.Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-Jessa Erika P. Elopre**

**F4PB-Ia-d-3.1**

Nasasagot ang mga tanong sa binasang tekstong pang-impormasyon.

**9.Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan)**-kalahok mula ng Osmeña II-non-Central Sch.

**F4PT-Ib-1.12**

Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan.

**10. Pagbasa(Pag-unawa sa binasa)- Analyn B. Bohol**

**F4PB-Ii-24**

Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento – simula, kasukdulan, katapusan

**11. Estratehiya Sa Pag-aaral – Vivian B. Tagapa**

**F4EP-Ij-5**

Nagagamit nang wasto ang mga bahagi ng aklat tulad ng talaan ng nilalaman, talahuluganan

**12. Pagsulat (Komposisyon)-Ma. Juvy Fernandez**

**F4PU-Ia-2**

Nakasusulat ng talaan ng mga salitang katutubo at ang mga kahulugan nito
Halimbawa ibon – langgam

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**13. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Camela S. Gerzon**
**F4WG-IIa-c-4**
Nagagamit nang wasto ang pang-uri (lantay) sa paglalarawan ng tao, lugar, bagay at pangyayari sa sarili ibang tao katulong sa pamayanan

**14.Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)-Raul E. Dalmacio**
**F4WG-IIa-c-4**
Nagagamit nang wasto ang pang-uri - paghahambing at - pasukdol sa paglalarawan ng tao, lugar, bagay at pangyayari, sa sarili,ibang tao katulong sa pamayanan.

**15.Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan)-Jocelyn R. Camelotes**
**F4PT-IIb-1.12**
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan

**16. Pagbasa(Pag-unawa sa Binasa)-kalahok mula ng Ponot**
**F4PB-IIc-g-3.1.2**
Nasasagot ang mga tanong sa binasang tekstong pang-impormasyon recount.

**17. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng Wika)- Norlyn Planteras**
**F4WG-IId-g-5**
Nagagamit ang uri ng pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay ng nasaksihang pangyayari.

**18. Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan)-Dorilyn Forrosuelo**
**F4PT-IIb-1.12**
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan.

**19. Pagbasa (Pag-unawa sa Binasa)-Juliet Dagondong**
**F4PB-IIdi-6.1**
Nasasabi ang sanhi at bunga ayon sa nabasang pahayag.

**20. Pagbasa (Pagpapahalaga sa wika,literasi at panitikan)- kalahok mula ng Siayan)**
**F4EP-IId-f-2.3**
Nabibigyang-kahulugan ang bar grap/dayagram/talahanayan/tsart

**21. Pagsasalita (Wikang Binibigkas)- Kalahok mula ng Bacungan**
**F4PS-IIe-f-12.1**
Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos, ginawi , sinabi at naging damdamin.

**22. Pagsasalita (Gramatika-kayarian ng wika)- kalahok mula ng Godod**
**F4WG-IId-g-5**
Nagagamit ang aspekto (panahunan) ng pandiwa sa pagsasalaysay ng nasaksihang pangyayari.

**23. Pagsasalita (Pag-unalad ng Talasalitaan)-Honey Rizza D. Deguilmo)**
**F4PT-IIb-f-6**
Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa ugnayang salita-larawan

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**24. Pagbasa (Pag-unawa sa Binasa)- Jocelyn M. Escuadro**
**F4PB-IIe-3.2.1**
Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano.
**25. Pagbasa (Pagpapahalaga sa wika, literasi at panitikan)- Janent P. Palubon**
**F4EP-IIe-g-8**
Naipakikita ang nakalap na impormasyon sa pamamagitan ng nakalarawang balangkas.
**26. Pagsasalita (Wikang Binibigkas)-Cheryl Matila**
**F4PS-IIe-f-12.1**
Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos o ginawi o sinabi at damdamin.
**27. Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng wika)- kalahok mula ng Salug II**
**F4WG-IId-g-5**
Nagagamit ang panagano ng pandiwa – (pawatas- pautos) sa pagsasalaysay ng napakinggang usapan.
**28. Pagsasalita (Pag-unalad ng Talasalitaan)- Jho-an Acas**
**F4PT-IIc-1.4**
Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan - kasingkahulugan
**29.Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)- Helen M. Diliman**
**F4PB-IIi-h-2.1**
Nakasusunod sa nakasulat na panuto.
**30. Pagsasalita (Gramatika-kayarian ng wika)- Elsa Planteras**
**F4WG-IId-g-5**
Nagagamit ang panagano - paturol - pasakali ng pandiwa sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.
**31. Pagsasalita (Gramatika-kayarian ng wika)- Irene Alberastine**
**F4WG-IIh-j-6**
Nagagamit nang wasto ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos.
**32. Pagbasa (Pag-unawa sa Binasa)-Lilian G. Sollano**
**F4PB-IIh-11.2**
Natutukoy ang mga sumusuportang detalye sa mahalagang kaisipan sa nabasang teksto.
**33. Pagsasalita (Gramatika-kayarian ng wika)- Marilyn Pantaleon**
**F4WG-IIh-j-6**
Nagagamit nang wasto ang pang-abay at pandiwa sa pangungusap.
**34. Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan)-Ella K. Mahamod**
**F4PT-IIc-1.4**
Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan (kasingkahulugan)
**35. Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan)- kalahok mula ng Sibuco**
**F4PT-IIh- 1.5**
Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan – kasalungat
**36. Pagsasalita (Wikang Binibigkas) - Analiza Noel –Katipunan II**
**F4PS-IIj-8.5**
Nakapagbibigay ng panuto gamit ang pangunahin at pangalawang direksiyon.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**Baitang 9**

**Unang Markahan**

**1. Pag-unawa sa binasa – Jennifer Sevilla**
**F9PB-Ia-b-39**
Nabubuo ang sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda.
**2. Pag-unawa sa binasa – Almansar Samsarani**
**F9PB-Ic-d-40**
Nasusuri ang tunggaliang tao vs. sarili sa binasang nobela.
**3. Pag-unawa sa binasa-Churchel Awal**
**F9PB-Ie-41**
Nailalahad ang sariling pananaw at naihahambing ito sa pananaw ng iba tungkol sa pagkakaiba-iba o pagkakatulad ng paksa sa mga tulang Asyano.
**4. Pag-unawa sa binasa –Rosalie Cababat**
**F9PB-If-42**
Nasusuri ang padron ng pag-iisip (thinking pattern) sa mga ideya at opinyong inilahad sa binasang sanaysay.
**5. Pag-unawa sa binasa-Rosanna C. Boniao**
**F9PB-Ig-h-43**
Nailalapat sa sarili, bilang isang Asyano, ang pangunahing kaisipan ng dulang binasa.
**6. Pag-unawa sa binasa – Cornelia M. Bacordo**
**F9PB-IIa-b-45**
Nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng estilo ng pagbuo ng tanka at haiku.
**7. Pag-unawa sa binasa- Limmuel B. Agapay**
**F9PB-IIc-46**
Nabibigyang-puna ang kabisaan ng paggamit ng hayop bilang mga tauhan na parang taong nagsasalita at kumikilos.
**8. Pag-unawa sa binasa- Estela B. Labadlabad**
**F9PB-IId-47**
Naipaliliwanag ang mga: - kaisipan - layunin - paksa; at paraan ng pagkakabuo ng sanaysay.
**9. Pag-unawa sa binasa – Irish Montimor**
**F9PB-IIe-f-48**
Nahihinuha ang kulturang nakapaloob sa binasang kuwento na may katutubong kulay.
**10. Pag-unawa sa binasa-Kackie Lou P. Willemstein**
**F9PB-IIg-h-48**
Nasusuri ang binasang dula batay sa pagkakabuo at mga elemento nito.
**11. Pag-unawa sa binasa-Lailane B. Caluscosan**
**F9PB-IIi-j-49**
Naipaliliwanag ang naging bisa ng nabasang akda sa sariling kaisipan at damdamin.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100
Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**12. Pag-unawa sa Binasa – Fatima Labucay**
**F9PB-IIIb-c-51**
Nasusuri ang mga elemento ng elehiya batay sa: - Tema - Mga tauhan - Tagpuan - Wikang ginamit - Damdamin
- Mga mahihiwa-tigang kaugalian o tradisyon
- Pahiwatig o simbolo

**13. Pag-unawa sa binasa – Rizal Abal**
**F9PB-IIId-e-52**
Napatutunayang ang mga pangyayari at/o transpormasyong nagaganap sa tauhan ay maaaring mangyari sa tunay na buhay.

**14. Pag-unawa sa binasa -Emma P. Tormis**
**F9PB-IIIf-53**
Napatutunayan ang pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ng akda

**15. Pag-unawa sa binasa – Irish U. Dinopol**
**F9PB-IIIg-h-54**
Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamin sa epiko.

**16. Michelle Chenchilly Retes**
**F9PB-IIIi-j-55**
Naiisa-isa at napahahalagahan ang kulturang Asyano bunga ng nabasang mga akdang pampanitikang Kanlurang Asyano.

**17. Pag-unawa sa binasa-Lindelyn B. Calago**
**F9PB-IVa-b-56**
Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang sa kasalukuyan

**18. Pag-unawa sa binasa –Ma. Flora Mae C. Reyes**
**F9PB-IVc-57**
Nahihinuha ang katangian ng mga tauhan at natutukoy ang kahalagahan ng bawat isa sa nobela.

**19. Pag-unawa sa Binasa-Bernadeth Gilbero**
**F9PB-IVd-58**
Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapwa at sa bayan.

**20. Pag-unawa sa binasa – Ana T. Moratalla**
**F9PB-IVe-f-59**
Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano

**21. Pag-unawa sa binasa – Bernadette Antaboc**
**F9PB-IVg-h-60**
Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa aralin gaya ng: pamamalakad ng pamahalaan, paniniwala sa Diyos
kalupitan sa kapuwa, kayamanan- kahirapan at iba pa

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**22. Pag-unawa sa binasa –Mary Christine B. Paguican**
**F9PB-IVi-j-61**
Nailalahad ang sariling pananaw tungkol sa pag-ibig.
**23.Paglinang ng talasalitaan- Kim M. Brigole**
**F9PT-IVa-b-56**
Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan.
**24. Paglinang ng Talasalitaan-Zaira Mae V. Bunac**
**F9PT-IVc-57**
Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag.
**25. Paglinang ng Talasalitaan –Roche Labad**
**F9PT-IVd-58**
Napapangkat ang mga salita ayon sa antas ng pormalidad ng gamit nito (level of formality).
**26. Paglinang ng Talasalitaan- Joseph L. Barte**
**F9PT-IVe-f-59**
Naipaliliwanag ang iba't ibang paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan.
**27. Paglinang ng Talasalitaan – Albina Wahab**
**F9PT-IVg-h-60**
Nabibigyang- kahulugan ang mahihirap na salita batay sa kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan.
**28. Paglinang ng Talasalitaan-Genevieve R. Lerin**
**F9PS-IVe-f-61**
Nasusuri kung ang pahayag ay nagbibigay ng opinyon o nagpapahayag ng damdamin.
**29. Pagsasalita – Maricris M. Silvano**
**F9PS-IVg-h-62**
Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng ina at ng anak
**30. Pagsasalita – kalahok mula ng Sindangan NAS**
**F9PS-IVi-j-63**
Naipahahayag kung paano nakatulong ang karanasan ng mga tauhan upang mapabuti ang sariling ugali, pagpapahalaga at buong katauhan

NAT-like aytem na pagsasanay

1) Naitala ang mga salitang magkakatulad at magkakaugnay sa kahulugan.
(F10PT-IIe-73)

(PAGSUSURI)

Panuto: Pangkat-pangkatin ang mga salitang magkakatulad at magkakaugnay mula sa talaan. Piliin ang pinakatamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| magsunog ng kilay | busabos | yagit |
| galit | suklam | magpakadalubhasa |
| banas | magpakayaman | edad |
| mag-aral nang mabuti | magpakahirap | gulang |

A. magsunog ng kilay,magpakadalubhasa,mag-aral nang mabuti
B. magpakayaman,magpakahirap, busabos
C. suklam,yagit,galit
D. edad, gulang,banas

(PAG-UNAWA)

2. Naibibigay ang kahulugan ng matalinghagang pananalita na gamit sa tula.
(F10PT-IIc-d-70)

Panuto: Basahin ang saknong ng tula. Piliin ang kahulugan ng matalinghagang pananalita na gamit dito.

Ang Aking Pag-ibig
ni: Elizabeth Barret Browning
Isinalin ni Alfonso O. Santiago

Iniibig kita nang buong taimtim,
Sa tayog at saklaw ay walang kahambing,
Lipad ng kaluluwang ibig na marating
Ang dulo ng hindi maubos-isipin.

Ano ang kahulugan ng matalinghagang pananalita na
"Lipad ng kaluluwang ibig na marating
Ang dulo ng hindi maubos-isipin?"

A. Makarating sa dulo ang mga kaluluwa.
B. Malayo ang mararating ng mga kaluluwa.
C. Walang kahahantungan ang mga ginagawa.
D. Walang limitasyon, parang kayang gawin lahat.

3) Naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento
nito. ( F10PB-IIf-78)

(PAGPAPAHALAGA)

| |
|---|
| Sa panimula ng nobela nakasalalay ang kawilihan ng mga mambabasa at ganon na rin ng sa pelikula. May maayos na pagkakasunod-sunod ng pangyayari gamit ang banghay ng nobela na katumbas nito ay ang *Sequence Iskrip* para ng sa pelikula. |
| Paano maihahambing ang pelikula sa isang nobela? |

A. Kapwa may estilo sa pagsulat.
B. Taglay ang simbolismo sa nobela.
C. May sinematograpiya ang pelikula.
D. Magkasunod-sunod ang mga pangyayari.

4. Naisasama ang salita sa iba pang salita upang makabuo ng ibang kahulugan (collocation). (F10PT-IIa-b-71)

(PAGBUBUO)

Panuto: Buuin ang mga salitang maisasama sa punong salitang TUBIG sa tulong ng mga titik upang makabuo ng iba pang kahulugan…1. U_A_     2. K_N_L

A. ULAT AT KAMBAL
B. ULAN AT KANAL
C. ULAN AT KAMBAL
D. ULAN AT KOMPOL

5. Nabibigyang-reaksiyon ang pagiging makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento. (F10PT-IIe-73)

(PAGBUBUO)

Panuto: Basahin ang kuwento at pagkatapos ay bubuo ng reaksiyon ninyo sa pagiging makatotohanan ng mga pangyayari.

**Ang Mabuting Pakikipagkapitbahay**

Likas na mabuting magkapitbahay ang mga Pilipino. Ngunit may pagkakataong hindi naipagpapatuloy ang kaugaliang ito tulad ng sa sumusunod na pangyayari.

Dating magkaibigan ang magkapitbahay na mag-anak na Reyes at mag-anak na Alba. Nagbibigayan sila ng ulam kung may masarap na niluto ang isa't isa sa kanila. Nagdadamayan sila kung may nagkakasakit sa sinuman sa kanilang mga kaanak. Anupa, namumuhay sila bilang mabuting magkapitbahay.

Ngunit isang araw, nagsumbong ang anak ni Gng. Reyes na hindi tumatakbo ang tubig sa kanilang kanal. Sinabi pa rin nito na ang mga basura ng mga Alba ay sa kanal nila itinatambak. Sinabi ni Ginang Reyes ang bagay na ito sa kapitbahay niyang si Ginang Alba. Hindi ito minabuti ni Ginang Alba at pinaratangan pang maselan ang kapitbahay nilang mga Reyes. "Hindi sila marunong makipagkapitbahay," ang sabi pa nito.

Ano ang magiging reaksiyon mo sa kuwento?

A. Napakasungit ng pamilyang Alba.
B. Maselan ang pamilyang Reyes.
C. Hihingi dapat ng paumanhin ang pamilyang Alba.
D. Huwag na lamang pansinin ang nangyari.

MGA KASAGUTAN:

1. A
2. D
3. C
4. B
5. C